**A PAGTALIKOD:**

- **Kahinaan ni Aaron (Exodo 32:1-5)**
  - Bagaman ang salitang Hebreo na elohim ay pangmaramihan ng "diyos," karaniwan itong ginagamit sa pagtukoy sa isang Diyos: "Ako si Jehova na iyong Diyos [elohim], na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto" (Ex. 20:2).
  - Sa pagliban ni Moises, humiling ang mga tao kay Aaron na gawan sila ng nakikitang elohim na maaari nilang sambahin. (Ex. 32:1). Mabilis nilang nakalimutan ang natanggap nilang kautusan at ang pangako nilang tutuparin ito (Ex. 24:7).
  - Ang pagdadalawang-isip ni Aaron na makipag-paliwanagan sa bayan (Ex. 32:2) ay nadulot sa kanya na pangunahan sila sa pagtalikod sa halip na iwasan ito.
  - Sa halip na ipaalala sa kanila ang pagbabawal sa paggawa ng mga diosdiosan, ginawan sila ni Aaron ng gintong baka, at ipinahayag na, "Ito ang inyong diyos [elohim] O Israel, na nagdala sa inyo mula sa lupain ng Ehipto!" (Ex. 32:4).
- **Ang Piyesta ng Baka (Exodo 32:6)**
  - Sa paggawa ng diosdiosang hugis baka, pinaliit ng mga Israelita ang Makapangyarihang Diyos sa larawan ng hayop, at sinamba ang nilalang sa halip na ang Lumalang (Rom. 1:23).
  - Inisip nila nang hindi makatuwiran na kaya silang pangunahan ng hinugis na larawan. Maari nilang isiping si elohim mismo ay naging baka! (Ex. 32:24)
  - Sa totoo, lumipat sila sa pagsamba sa Diyos tungo sa pagsamba sa mga demonyo (Deut. 32:17). Habang sinasamba nila ang Diyos, lumago sila sa kagandahang-asal dahil nagagaya nila ang Diyos.
  - Sa pagsamba sa mga demonyo, pinababa nila ang kanilang sarili, dahil nagaya nila ang mga demonyong sinasamba nila.
  - Kung hindi natin ibibigay ang ating mga puso sa Manlalalang, sa halip ay maglingkod sa ibang diosdiosan (at marami nito), bukas makalawa ito ay magdadala sa ating sa pagkasira.
- **Ang Katiwalian ng Pagsamba sa Diosdiosan (Exodo 32:7-8)**
  - Ang pagyukod sa isang larawan (kahit ito ay kumakatawan sa Diyos mismo, kay Kristo, o Kanyang mga banal) ay paglabag sa Kautusan ng Dios (Ex. 20:3-6) at, kaya, pumapasok sa kasalanan at katiwalian.
  - Ano ang pagsamba sa diosdiosan ngayong 21st-century? Ito ay ang pagsamba sa isang kapalit ng Diyos. Ang diosdiosan ay anumang bumibihag ng ating imahinasyon, pagmamahal, panahon, at isip nang higit sa Diyos, at umaalipin sa ating pag-iisip.
  - Anong mga diosdiosan ang sinasamba natin? Pwede kang gumawa ng listahan. Sabi ng iba: pride, pera, kapangyarihan, sex, pagkain, trabaho, social media...
  - Ano ang kadugtong ng pagsamba sa mga diosdiosang ito? Nababago ang ating personalidad, paraan ng pag-iisip, mga emosyon, at kahit ang pakikitungo natin sa iba ay nababago. Ipinapalit natin ang tunay na ugnayan sa Diyos para sa butas at walang kabuluhang pakikipag-ugnayang hindi makakapagligtas.

**B PAMAMAGITAN:**

- **"Tumalikod sa Matindi Mong Galit!" (Exodo 32:9-29)**
  - Sinabi ng Dios kay Moises "Dahil ang IYONG bayan, na inilabas MO sa Ehipto, ay naging masama." (Ex. 32:7).
  - Angkop ang sagot ni Moises: "Hindi sila aking bayan, ngunit sa'yo; hindi ako ang naglabas sa kanila, kundi ikaw" (Ex. 32:11). Hiniling ng Dios sa kanya na lilipulin Niya ang Israel (Exod. 32:10), ngunit hindi ito pinintulutan ni Moises.
  - Matuwid ang poot ng Dios, ngunit alam ni Moises na "ang awa ay nagtatagumpay sa paghukom" (Santiago 2:13). Matapos mamagitan para sa Israel, at napalagay ang loob na napayapa na ang galit ng Dios, siya ay (galit) bumaba mula sa bundok (Ex. 32:12-15). Sa pagkakita sa apostasiya, binasag niya ang simbolo ng tipan: ang mga tipak na bato (Ex. 32:19).
  - Matapos mapakinggan ang mahinang palusot ng kanyang kuya, kumilos agad si Moises upang mapigilan ang matinding galit (Ex. 32:20-28).
- **"Burahin Mo ang Pangalan Ko sa Aklat na Isinulat Mo!" (Exodo 32:30-32)**
  - Sa una nyang pamamagitan, napigilan ni Moises ang pagkawasak ng bayan. Ngunit malinaw na hindi na sila pagpapalain ng Dios pagkatapos nitong kasalanan. Kaya, nagpasya syang mamagitan sa pangalawa (Ex. 32:30).
  - Handa si Moises na mawala ang sariling kaligtasan kung hindi mapapatawad ang bayan (Ex. 32:31-32). Gayunpaman, hindi karaniwang kapatawaran ang hinihingi ni Moises, dahil hindi sya gumamit ng karaniwang salitang Hebreo para sa "patawad." Hiniling nya sa Dios na "dalhin" ang kasalanan ng mga tao.
  - Nangangahulugan itong papasanin ng Dios ang kasalanan, at babayaran ang halaga nito: kalananan (Isa. 53:6; Rom. 6:23). Ito mismo ang ginawa ni Jesus sa krus. Pinasan Niya sa sarili ang ating kasalanan upang mamatay Siya ng kamatayang karapatdapat sa atin (1 Pet. 2:24).